

1

Mula sa kinatatayuan sa terrace, tahimik na pinapanood ni Minerva Rios ang masasayang bisita ng kanyang ama na nagtatawanan at nagsasayawan sa loob ng *Athena Ballroom* ng hotel na pag-aari ng kanyang pamilya. Ang *The Elysian* ay isa sa mga pinakamalaking hotel chains sa bansa at ang *The Elysian Makati* ang flagship hotel, ang baby ng kanyang ama.

Para sa kanya, mas mahal pa ni Jose Santino Rios ang mga hotels nito kaysa sa kanilang magkakapatid. Mula nang pumanaw ang asawa nitong si Penelope, na kanilang ina, nawalan na ito ng gana sa mga anak kaya lumaking hindi malapit dito ang magkakapatid.

Tatlo lamang silang magkakapatid at pulos babae. Sampung taon ang tanda sa kanya ng panganay nilang si Althea. Maaga rin itong nag-asawa para makawala sa pamamahala ng diktador na ama at nangibang-bansa. Ang pangalawang ate niya na si Pamela ay siyang pinaka-close sa kanya. Ipinakasal naman ito ng kanilang ama sa anak ng isang business partner nito.

At ngayong gabi, engagement party naman ni Mios. Ikakasal din siya sa isang lalaking hindi pa niya nakikilala para isalba ang pinakamamahal na hotel chain ng pamilya. Muntik-muntikan na silang malugi dahil sa pagiging sugarol ng ama, at si Don Crisostomo ang tumulong sa kanila.

Wala naman siyang pakialam. Ano ang karapatan ng isang babae na maghanap ng pag-ibig gayong hindi niya sigurado kung kaya niyang ibalik iyon? Siya ang bunso ng mga Rios, ang prinsesa. Twenty-five years old na siya. Nasanay na siya sa kasungitan ni Mr. Rios, sa pabago-bago ng isip nito, at sa malamig na pakikitungo nito sa kanya. Minsan lang sila mag-usap. At pag nag-usap sila, para lang silang magkasosyo sa negosyo o kaya ay isang boss at isang empleyado. Mas mahalaga siya rito bilang vice president ng hotel kaysa sa pagiging anak nito.

At sa posisyon niyang iyon, kasama sa kanyang mga responsibilidad ang siguruhing magiging maayos ang kinabukasan ng *The Elysian* hotel chain. Kung ibig nitong sabihin ay kailangan niyang pakasalan ang apo ng isang kasosyo ng ama, gagawin din niya iyon. At least, hindi na niya kailangang makipag-date at dumaan sa masalimuot na mundo ng pakikipag-boyfriend. Instant asawa na.

Inangat niya ang kamay at itinulak sa likod ng tainga ang ilang hibla ng buhok niyang bahagyang tumabing sa kanyang pisngi. Iniisip niya kung ano kaya ang hitsura ng magiging asawa niya. Hindi pa niya nakikilala si Dominic Ibarra, ang balikbayang apo ni Don Crisostomo Ibarra.

Napangiti siya sa pangalan ng matanda. Bata pa lang siya ay alam na niya ang kuwento nina Crisostomo Ibarra at Maria Clara sa *Noli Me Tengeré* na obra ni Jose Rizal dahil dito. Mas naging ama pa nga niya ito kung tutuusin.

Bumuntong-hininga si Mios at lalong nagtago sa tagiliran ng terrace kung saan halos hindi na abot ng ilaw mula sa ballroom. Naupo siya sa bangko at inayos ang palda ng suot na cocktail dress, bago tumingala sa langit. Mayamaya lang ay kailangan niyang muling pumasok sa ballroom para makilala ang mapapangasawa.

Hindi niya napansin na may nanonood sa kanya mula sa kabilang dulo ng terrace.

Matagal nang pinagmamasdan ni Dominic Ibarra ang babaeng tila nagpupumilit magtago sa dilim. Maliit ito, siguro hindi tataas sa 5'2" ang height, pero maganda ang hubog ng katawang nababalutan ng itim na cocktail dress na hanggang tuhod ang haba. Matagal din niyang pinagmasdan ang kaputian ng porselanang balat nito na pinapakita ng malalim na neckline ng damit. Nakasuot ito ng itim na sandals na mataas ang takong. May maliliit na diamanteng kumikinang sa mga tainga at may silver bracelet sa isang pulso.

Dahil nakataas ang buhok, hindi niya malaman kung mahaba ba ito o maiksi, pero alam niyang bahagyang kumukulot ang mga nakakatakas na hibla mula sa pagkakapusod nito. Matangos ang ilong ng babae, at maganda ang mga mata. Maganda rin ang hubog ng mga labing tila nang-eengganyong tikman ng isang lalaki.

Napangiti siya nang bahagya. Hindi ito ang tipo niyang

babae. Kahit pa seksi ang suot nito at parang nang-aakit kung gumalaw, masyadong inosente ang hitsura ng babaeng ito para sa kanya. Mas gusto niya ang mga babaeng may karanasan na sa kama. Sa tantya niya, blushing virgin pa ang babaeng kanina pa niya sinusundan nang patago.

Ikakasal na si Dominic sa babaeng pinili ng lolo niya para sa kanya. At ang babaeng iyon ay hindi man lang niya kilala!

Kaya lang naman siya magpapakasal kay Minerva Rios ay dahil aalisan siya ng mana ng kanyang lolo kapag hindi niya pinakasalan ang babae. Pero hindi niya kailangan ang mana na iyon. Mayaman siya dala ng sarili niyang pagod at ni minsan hindi umasa sa yaman ng pamilya niya. Pero hindi rin niya maikaila na kaya siya nagtrabaho nang husto, lahat ng pinaghirapan niya, lahat ng ginawa niya, ginawa niya para patunayan kay Juan Crisostomo Ibarra na karapat-dapat siyang mamuno sa *Ibarra* hotel chain.

At alam iyon ng pinakamamahal niyang lolo.

Gustuhin man niyang talikuran ang matanda, hindi niya iyon magawa. Dahil ito lang ang may kakayahang ibigay sa kanya ang gusto niya. Ito at ang mapapangasawa niya, si Minerva.

Pero siguro, bago niya tuluyang iwan ang mundo ng pagkabinata, puwede muna siyang maglaro. Inangat ni Dominic ang kopita ng brandy at uminom bago tumayo mula sa kinauupuan para lapitan ang babae.

Nagulat si Mios nang may gumalaw mula sa kadiliman. Hindi niya napansin na may nakaupo pala roon hanggang sa gumalaw na lang ang isang napakalaking anino at naging isang napakatangkad na lalaki. Kumurap siya bago nanlaki ang mga mata. Napakaguwapo rin nito!

Siguro ay halos six feet ang tangkad ng lalaki. Malapad ang mga balikat nito na natatakpan ng mamahaling dinner jacket na itim. Hindi tulad ng ibang bisita, wala itong suot na kurbata. Bukas ang tatlong butones ng light blue polo nito na tinernuhan ng black slacks na tila pagkahaba-haba dahil sa haba ng mga binti at hita nito.

Tumayo ang estranghero sa ilalim ng ilaw habang pinagmamasdan niya. Nakangisi ito na tila ba alam na pinag-aaralan niya ang hitsura nito. Itim na itim ang buhok ng lalaki. Maiksi ito sa likod pero hinayaang magkaroon ng bangs sa harap na tumatabing sa isang banda ng noo nito. Matangos ang ilong at maganda ang bone structure. Maganda rin ang bilugang mga mata nito na tila ba may itinatagong kapilyuhan.

Kung kukuha siya ng modelo para sa mga drawings niya, siguradong isa ito sa pipiliin niya. Hindi niya sinasadyang maisip na gusto niya itong iguhit nang nakahubad. Namula si Mios.

Nang masiguro nitong tapos na ang pagkilatis niya rito, lumapit ito ng ilang hakbang sa kanya. “Mind if I join you?”

tanong ng lalaki. Isang magandang baritono ang tinig nito.

Umiling siya bago niya naisip na nasa dilim siya. “No,” sabi niya. “I don’t mind.”

Umalis ito sa naiilawang parte ng terrace at naupo sa tabi niya sa bangko. Hindi man nagdikit ang kanilang mga balat, naramdaman pa rin niya ang init ng katawan nito. Nakilala rin niya ang gamit nitong pabangong panlalaki.

“Bakit ka nagtatago sa dilim?” tanong nito.

Nagkibit-balikat siya at muling tumingala sa langit. “Hindi ako mahilig sa mga parties,” sagot niya.

“Kilala mo ba si Minerva?”

Napatingin siya rito. Hindi siya kilala nito. Sa isang party na isa siya sa mga guests of honor, mayroong isang bisita na hindi siya kilala. Well, isa ito sa dalawang bisita na hindi kilala si Mios. Hindi rin naman siya kilala ng fiancé niya.

“Yes,” tugon niyang may ngiti. “Kilala ko si Mios. Ikaw, kaibigan ka ba ni Dominic?”

Ngumiti rin ito. “You can say that,” sagot nito. “Mios?”

“Yun ang nickname niya. Mas gusto niya na ‘yun ang itawag sa kanya ng mga kaibigan niya.”

Hindi mapigil ni Mios ang sumulyap dito. Ibang-iba ito sa mga lalaking kilala niya. Siguro dahil ito ang nag-iisang lalaki

na nakilala niya na masasabi niyang lalaking-lalaki. Iyong mga iba niyang kilala, kahit hindi bakla, hindi ganito kalakas ang sex appeal. Walang epekto sa kanya ang hitsura ng mga ito. Hindi tulad ng estranghero na ito na para bang puwede siyang buhatin na lang, dalhin sa kung saan at solohin... buong gabi.

Umiling siya para iwaksi ang mga naiisip. Engagement party niya ngayong gabi at heto siya, frigid little Mios, na kung anu-ano ang naiisip tungkol sa lalaking katabi na hindi man lang niya alam ang pangalan.

“Do you agree na magpapakasal ang kaibigan mo sa lalaking hindi niya kilala?” muling tanong nito. Tulad niya, nakatingin na rin ito sa langit.

It was none of his business, pero namalayan na lang niyang sinasagot na niya ang kausap. “Iba ang mundong ginagalawan ni Mios. May mga responsibilidad siyang dapat gampanan. Kasama na doon ang magpakasal para sa ikabubuti ng *Elysian*.” Binalingan niya ang lalaki. “How about you? Alam mo ba ang opinyon ni Dominic sa engagement na ito?”

“Dom, ‘yun ang nickname niya. At kailangan din niyang gawin ‘to.” Humalukipkip ang estranghero at sumandal sa backrest ng bench. Inunat din nito ang mahahabang binti sa harapan niya. “Let’s just say Dom doesn’t have many choices in the matter.”

“I’m sure tulad siya ng ibang lalaki na nangangatog pag may

nag-mention ng kasal.”

“Actually, hindi,” pagkontra ng katabi. “He’s indifferent. Ano lang ba ang kasal? Pirma lang naman ‘yun sa isang pirasong papel. Madali lang ang pumirma. Sa inyong mga babae, iba ang ibig sabihin ng kasal. Sigurado din akong may idea ka na kung ano ang magiging wedding gown mo kahit wala ka pang groom.”

Kumunot ang noo ng dalaga. Sa totoo lang, eight years old pa lang siya, nai-drawing na niya ang gusto niyang wedding gown. Nagpapalit man iyon ng disenyo at estilo habang tumatanda siya, mayroon pa rin siyang ideya kung ano nga ang magiging wedding gown niya. Pero hindi na dapat malaman pa iyon ng lalaking katabi. “Not all of us girls are romantic.”

“Aren’t you?” Nakangisi ito na tila ba nanunudyo.

“No,” iling niya. “Practical akong tao. I don’t believe in love.”

Pinagmasdan siya ng lalaki na tila ba nakikita siya sa ibang anggulo nito. Mayamaya pa, nagsalita itong muli na may isang ngiti na kahit santo ay matutuksong magkasala. “Then we’re two of a kind.”